**Set Apart**

# Kabanalang Ipinahayag



## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na sinabihan kang huwag gawin o hawakan noong bata ka pa, na hindi mo sinunod? (halimbawa: paghawak sa mga saksakan ng kuryente o sa mga gawang sining sa isang museo).
- Sa anong konsyerto o kaganapan mo gustong makakuha ng *pass* para makapasok sa likod ng entablado o *backstage*? Bakit?
- Ano ang isang sakripisyong ginawa para sa iyo ng isang tao dahil sa pagmamahal?

## WORD

*Sapagkat sa araw na iyon gagawin ang seremonya ng pagtubos sa kanilang mga kasalanan para sila'y maging malinis sa presensya ng Panginoon.* **LEVITICUS 16:31**

(Basahin din ang **LEVITICUS 16:1–5, 20–22, 29.**)

Ang ating Diyos ay banal—na ibig sabihin ay nahihiwalay Siya sa Kanyang kadakilaan at kabutihan nang higit pa sa anumang nilalang. Dahil Siya ay banal, ang nararapat lamang na tugon ay ang pamumuhay nang sumasamba at nagbibigay debosyon sa Kanya. Pero dahil sa kasalanan nang unang tao, nawala ang ating kabanalan, ang ugnayan natin sa Diyos ay naputol, at tayo ay hindi na makakalapit sa Diyos kung sa sarili lang natin. Pero hindi huminto ang Diyos sa paghabol at pagtatatag ng ugnayan sa Kanyang mga mamamayan. Nang maisulat ang Kautusan ni Moises, ipinahayag nito ang kabanalan ng Diyos—ang kabanalan na hindi makakamit dahil sa kadakilaan nito. Ngayong araw, pag-uusapan natin kung paano gumawa ang Diyos ng paraan para makalapit tayo sa Kanya sa kabila ng pagkakasala natin.

## 1 Ang makasalanang tao ay hindi makakapamuhay para sa isang banal na Diyos.

*1–2 Pagkamatay ng dalawang anak na lalaki ni Aaron nang sila'y naghandog sa PANGINOON, sinabi ng PANGINOON kay Moises, "Sabihin mo sa kapatid mong si Aaron na huwag siyang papasok sa Pinakabanal na Lugar sa kabila ng tabing, sa anumang oras na naisin niya. Kapag ginawa niya iyon, mamamatay siya. Sapagkat doon ako nagpapakita sa anyong ulap sa itaas ng takip ng Kahon ng Kasunduan."* **LEVITICUS 16:1–2**

(Basahin din ang **LEVITICUS 10:2–3.**)

Ang mga anak ni Aaron ay nagsisilbi din sa templo. Nang sila ay mamatay dahil sa pag-aalay ng hindi awtorisadong insenso at apoy, ito ay naging isang malinaw na mensahe mula sa Diyos na hindi maaaring balewalain ang Kanyang kabanalan. Ang resulta ng Pagkakasala ay hindi na makakapasok ang sangkatauhan sa presensya ng Diyos nang hindi gumagawa ng mga maingat na hakbang. Pero ang kagustuhan ng Diyos at ang nasa puso Niya ay mailapit sa Kanya ang Kanyang mga mamamayan upang makasama Siya at magkaroon sila ng relasyon sa Kanya. Dahil dito, gumawa ang Diyos ng paraan para makalapit tayo sa Kanya at muling magkaroon ng ugnayan sa Kanya bilang Kanyang mga mamamayan. Naranasan mo na ba ang pananabik ng Diyos na lumago ang kaalaman ng Kanyang mga anak tungkol sa Kanya? Magkwento tungkol sa isang pagkakataon kung kailan may naintindihan ka tungkol sa dakilang pagmamahal sa iyo ng Diyos.

## 2 Gumawa ang Diyos ng paraan para ang mga makasalanang tao ay magkaroon ng relasyon sa Kanya.

*[3]Ito ang utos ng PANGINOON na gagawin ni Aaron sa araw na papasok siya sa Pinakabanal na Lugar: Magdadala siya ng batang toro bilang handog sa paglilinis at lalaking tupa bilang handog na sinusunog. . . . [30]Sapagkat sa araw na iyon gagawin ang seremonya ng pagtubos sa kanilang mga kasalanan para sila'y maging malinis sa presensya ng PANGINOON.* **LEVITICUS 16:3, 30**

(Basahin din ang **LEVITICUS 16:4–5, 20–22, 29; MGA HEBREO 10:1, 19–22.**)

Pagkatapos bawian ng buhay ang kanyang mga anak, sinabihan si Aaron na para makapasok siya sa Pinakabanal na Lugar, kailangan niyang magsagawa ng isang detalyadong ritwal. Kabilang sa unang bahagi nito ang pagsasakripisyo ng isang kambing para sa mga kasalanan ng mga tao. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa isa pang kambing na sumisimbolo sa paglalagay nila ng kanilang mga kasalanan dito at pagkatapos ay pinakawalan nila ito upang ilayo ang kanilang mga kasalanan sa presensya ng Diyos (Leviticus 16:22). Ito rin ay isang paglalarawan sa sakripisyong gagawin ni Jesu-Cristo: ang pag-ako sa mga kasalanan ng mundo at pagbayad sa kaparusahan para dito upang tayo ay malayang makalapit sa Diyos. Ano ang sinasabi sa Mga Hebreo 10:1, 19–22 tungkol sa mga ritwal na sakripisyo at pagpapakita ni Jesus ng pagmamahal sa krus?

.............................................................................

.............................................................................

Ang lahat ng ito ay nangyari dahil gusto ng Diyos na magkaroon ng ugnayan sa atin. Ngayong nauunawaan natin ang realidad ng Kanyang kabanalan at ng ating kasalanan, sinadya Niyang gumawa ng paraan sa pamamagitan ni Jesus upang muli tayong makalapit sa Kanya.

## APPLICATION

- Ano ang saloobin mo kapag lumalapit ka sa Diyos? Malaya ka bang nakakalapit sa Kanya at nakakapagtanong maging ng mga pinakamahihirap na katanungan? Paano maaapektuhan ng mga katotohanang inaral natin ngayon ang pananaw mo tungkol sa Diyos at sa ugnayan mo sa Kanya?
- Kagustuhan ng Diyos na mailapit ang Kanyang mga anak sa Kanya. Paano mo sasadyain ang paglago ng relasyon mo sa Diyos dahil sa kaalamang ito?
- Hindi lamang gumawa ang Diyos ng paraan para makalapit tayo sa Kanya, pero magagamit din Niya tayo upang mailapit ang ibang tao sa Kanya. Isipin ang tatlo sa mga kapamilya, kaibigan, katrabaho, o kaklase mo at mangakong ibabahagi mo ang kabutihan at kadakilaan ng Diyos sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa malayang daan na mayroon ka patungo sa Kanya dahil kay Jesus. Ipanalangin na patuloy mo pang marinig ang Kanyang tinig, at marinig ito ng mas malinaw, at biyayaan ka Niya para masunod mo ang ipapagawa Niya sa iyo.
- Humingi sa Diyos ng kalakasan at kagustuhang mas makilala Siya at makapaglaan ng oras sa Kanya sa bawat araw. Ipanalangin na hindi mo ipagwawalang-bahala ang daang ito patungo sa Kanya.
- Ipanalangin na ang pamilya at mga kaibigan mo ay maging handang tanggapin na makilala ang Diyos at mapalapit sa Kanya, habang ibinabahagi mo ang iyong patotoo at ipinapangaral ang ebanghelyo sa kanila.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Gloria, Esther Suson

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.